BAY AREA AIR QUALITY
MANAGEMENT DISTRICT

## PAHAYAG SA MEDIA

**PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG:** Hunyo 30, 2022
**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:** Kristine Roselius - 415.519.5419

# Pahayag ng Distrito ng Hangin sa Bay Area sa pasya ng Korte Suprema sa West Virginia vs. EPA

**SAN FRANCISCO –** Pahayag ni Sharon Landers, ang pansamantalang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area:

*Ang pasya ng Korte Suprema ngayong araw sa West Virginia vs. Ahensya para sa Proteksyon ng Kapaligiran (Environmental Protection Agency, EPA), na naglilimita sa kakayahan ng EPA na pangasiwaan ang mga emisyon ng carbon, ay inilabas kung kailan mas nararamdaman at nagiging mas lantaran sa lahat ang mga epekto ng pagbabago ng klima. Ang 'all hands on deck' na paraan ay napakahalaga para makatulong na malutas ang krisis sa klima, at ang pasya ng Korte Suprema ngayong araw ay isang hindi kinakailangang balakid na nang-aantala sa lubos na kinakailangang pag-usad. Lubos na nakakaapekto ang pasyang ito sa mga regulasyong tumutugon sa mga emisyon ng coal power plant.  Ang mga emisyon mula sa sektor ng kuryente at iba pang emisyon ng fossil fuel ay nagpapalala sa klima sa buong mundo, na nagreresulta sa mas masamang lagay ng panahon, mga mapaminsalang wildfire, mapaminsalang polusyon sa hangin, at epekto sa kalusugan ng publiko. Bilang tugon sa pasyang ito na hindi mahusay na naisaalang-alang, makikipagtulungan ang Distrito ng Hangin sa EPA para magawa ang mga epektibong paraan para mabawasan ang mga emisyon ng carbon mula sa sektor ng kuryente na makakatulong sa klima sa buong mundo at mga komunidad ng Bay Area. Mas pagsisikapan din naming makipagtulungan sa mga lokal na komunidad sa aming hangaring lubos na mabawasan ang mga emisyon ng greenhouse gas, na magreresulta sa mas maganda, mas malusog at umuunlad na Bay Area na para sa lahat.*

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng Twitter, Facebook, at YouTube.

# # #

*Air District Communications Office*
*375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105*
*Homepage ng Distrito ng Hangin* | *Mga Pahayag sa Media*